Makipaglapitan kayo [sa mabuti], magtama kayo, at umalam kayo na walang maliligtas na isa man mula sa inyo dahil sa gawa niya." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, ni ikaw?" Nagsabi siya: "Ni ako, maliban na lumipos sa akin si Allāh ng isang awa mula sa Kanya at isang kabutihang-loob."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Makipaglapitan kayo [sa mabuti], magtama kayo, at umalam kayo na walang maliligtas na isa man mula sa inyo dahil sa gawa niya." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, ni ikaw?" Nagsabi siya: "Ni ako, maliban na lumipos sa akin si Allāh ng isang awa mula sa Kanya at isang kabutihang-loob."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Humihimok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga Kasamahan na gumawa sila ng mabuti, na mangilag silang magkasala kay Allāh sa abot ng nakaya nila nang walang pagpapalabis at walang pagpapakulang, at na magpakay sila sa paggawa nila ng wasto sa pamamagitan ng pagpapakawagas kay Allāh at pagsunod sa Sunnah upang tanggapin ang gawa nila para ito ay maging isang kadahilanan ng pagbaba ng awa sa kanila. Pagkatapos nagpabatid siya sa kanila na hindi makapagliligtas sa isa sa inyo ang gawa niya lamang; bagkus hindi makaiiwas sa awa ni Allāh. Nagsabi sila: "Kahit po ba ikaw, O Sugo ni Allāh, ay hindi makapagliligtas sa iyo ang gawa mo sa kabila ng bigat ng sukat niyon?" Kaya nagsabi siya: "Kahit ako, maliban na magtakip sa akin si Allāh ng kagandahang-loob ng awa Niya."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3469